


Senior High School

# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan-Modyul 11: Kakayahang Pragmatiko



**Pambungad sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 11: Kakayahang Pragmatiko  
Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ruben S. Montoya  
**Editor:** Jonathan F. Bernabe  
**Tagasuri:** Elisa N. Lajera, Perlita E. Dela Cruz, Maribeth C. Rieta,  
Nerlito M. Del Mundo, Julie Anne V. Vertudes  
**Tagaguhit:** Romdel F. Partoza  
**Tagalapat:** Leonila L. Custodio  
**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas  
Job S. Zape, Jr.  
Ramonito O. Elumbaring  
Reicon C. Condes  
Elaine T. Balaogan  
Fe M. Ong-ongowan  
Rommel C. Bautista  
Galileo L. Go  
Randy D. Punzalan  
Elpidia B. Bergado  
Noel S. Ortega  
Maribeth C. Rieta

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon  
at Pananaliksik sa Wika  
at Kulturang Pilipino  
Ikalawang Markahan- Modyul 11:  
Kakayahang Pragmatiko**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***


Ang iyong isasagawang pag-aaral gamit ang modyul na ito ay tutugon sa dapat mong malaman at matutuhang kasanayan. Ito ay batay sa sumusunod:

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

Nahihinuha ang layunin ng isang kausap batay sa paggamit ng mga salita at paraan ng pagsasalita **F11WG II f 88**

### **Layunin:**

- Natutukoy ang kahulugan ng sitwasyong sinasabi (berbal) at ikinikilos ng taong kausap (di-berbal) upang mahinuha ang layunin nito
- Nauunawaan ang kahalagahan ng wastong paggamit ng berbal at di-berbal na pagpapahayag sa pagbibigay ng malinaw na mensahe
- Nahihinuha ang layunin ng isang kausap batay sa paggamit ng mga salita at paraan ng pagsasalita



## Subukin

Tukuyin ang layunin at kahulugan ng salita o pahayag batay sa paggamit at paraan ng pagsasalita. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Dumating si Marco na tumatagaktak ang pawis habang haplos ang lalamunan.
  - a. nagugutom
  - b. nauuhaw
  - c. di-makalunok
  - d. di-makahinga
2. "Hindi kita agad nakita", banayad na wika ni Rhina.
  - a. nag-usisa
  - b. nagdududa
  - c. nagpapaumanhin
  - d. nagpapasensiya
3. Ang buhay ay guryon: marupok, malikot, dagiti't dumagit saan man sumuot...

*- Idefonso Santos, Ang Guryon*

  - a. pagsubok sa buhay
  - b. problema/suliranin
  - c. isang laruan
  - d. pangarap
4. Lumuha ka, aking Bayan; buong lungkot mong iluha ang kawawang kapalaran ng lupain mong kawawa.

*- Amado V. Hernandez, Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan*

  - a. damdamin
  - b. pag-ibig sa bayan
  - c. pagliligtas sa bayan
  - d. mga pasakit/pagdurusa ng bayan
5. May mga taong bukod sa hangad na tularan ang lalong walang habas na ibon: ang Agila, ay may mga palatandaan pa rin ng buwitre, ng kuwago at ng malaking bayakan na sumisipsip ng dugo ng tao.

*- Amado V. Hernandez, Mga Ibong Mandaragit*

  - a. katakawan
  - b. kasakiman
  - c. kabulastugan
  - d. gahaman sa yaman

6. Ang pinunong may takot sa Diyos at marunong magpakumbaba at sa halip ang kapakanan ng taong kanyang nasasakupan ang isinasaisip ay isang mahusay na pinuno.
- duwag
  - matulungin
  - mahabagin
  - may pananampalataya
7. Binibigyan kita ng karunungan walang kapantay maging sa mga nauna, maging sa susunod pa sa iyo. At bibigyan kita ng mga bagay na hindi mo hinihingi; kayamanan at karangalan na di mapapantayan ng sinumang hari sa tanang buhay mo.
- dunong
  - kaligtasan
  - kapayapaan
  - kaluwalhatian
8. Kaya nga mas mabuti pa minsan na ikaw ay isang bulag, pipi at bingi na lamang.
- pakialamero
  - mapagkunwari
  - mapagpanggap
  - walang pakialam
9. Huwag ka munang magbunyi sapagkat hindi pa tapos ang laban, alam mo namang marami pa ang maaaring mangyari pagdating sa huling minuto ng laro.
- Ipagdiwang ang nalalapit na tagumpay
  - Kitang-kita na ang panalo, dapat nang magsaya
  - Huwag na munang magsaya hindi pa tapos ang laban.
  - Huwag magpakatiwala, sapagkat marami pa ang maaaring mangyari.
10. “At kayo na nakaupo, subukan nyo namang tumayo upang matanaw ninyo ang tunay na kalagayan ko”.
- *Gloc 9*
- guro
  - doctor
  - politiko
  - nag-oopisina
11. “Kapag ang tubig ay magalaw, ang ilog ay mababaw”.
- Ang taong walang kibo, nasa loob ang kulo.
  - Ang taong masalita ay maraming nalalaman.
  - Ang taong hindi masalita ang totoong may malawak na kaalaman.
  - Huwag kang maliligo kapag ang ilog ay malabo ang tubig at mababaw.

12. “Hayaan mong paghilumin ng panahon ang sakit na iyong mararamdaman”.  
Ang pahayag ay nangangahulugan ng:
- Matutong magpatawad
  - Ang sakit ay lumalaganap tuwing masama ang panahon
  - Kusang nawawala ang galit o poot sa paglipas ng panahon
  - May malaking kaugnayan ang lagay ng panahon sa iyong nararamdaman

13. “Hindi ko madadala rito. Baka makagalitan ako ni Nanay. Kung gusto niyo’y sasabihin ko na lang kung ano ang tabas, kung ano ang tela, kung ano ang kulay, kung may laso o bulaklak.”

*-Fanny Garcia, Sandaang Damit*

- Pagtutol
- Panunuya
- Paniniyak
- Pagpapaliwanag

14. Hindi ko na ibig na maging halaman na namumulaklak ng may bango’t kulay.  
At sa halip nito’y ibig ko na lamang maging lupa ako’t magsilbing taniman.

*- David T. Mamaril, Lupa at Halaman*

- Pagtutol
- Panunuya
- Paniniyak
- Pagpapaliwanag

15. Nakalaan akong maglamay: lupa ang simula ng lahat ng bagay, diyan din sisibol ang binhi ng bagong pag-asa at buhay.

*- Amado V. Hernandez, Lupa.*

- Pagtutol
- Panunuya
- Paniniyak
- Pagpapaliwanag



# Kakayahang Pragmatiko

Mahalagang magkaroon ka ng kaalaman at kasanayan sa pagbibigay ng kahulugan sa mga salita batay sa sitwasyon. Paghihinuha sa layunin o pakay ng kausap na may mahalaga upang maging maayos ang relasyon ng kausap at kinakausap.



## ***Balikan***

Bumuo ng pangungusap na wastong nagagamit ang mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan o talakayan batay sa:

1. kausap
2. pina-uusapan
3. lugar
4. panahon
5. layunin

### ***Mga Tala para sa Guro***




Matapos sagutan ang mga tanong, ihanda ang mga mag-aaral para sa susunod na bahagi ng modyul



## ***Tuklasin***

Ang Kakayahang Pragmatiko ay tumutukoy sa mabisang paggamit ng wika upang makapagpahayag ng mga intensyon at kahulugan na aayon sa konteksto ng usapan at gayundin, natutukoy ang ipinahihiwatig ng sinasabi, di-sinasabi at ikinikilos ng usapan, kung gayon ang pagsusuri sa kahulugan ng mga salita sa kantang “Upuan” ni Gloc9 ay magpapaliwanag tungkol dito.

**Sipi mula sa kantang  
“Upuan” ni Gloc9**



Tao po, nandyan po ba kayo sa loob ng  
malaking bahay at malawak na bakuran  
Mataas na pader pinapaligiran  
At naka-pilang mga mamahaling sasakyan  
Mga bantay na laging bulong ng bulong  
Wala namang kasal pero marami ang naka-barong  
Lumakas man ang ulan ay walang butas ang bubong  
Mga plato't kutsara na hindi kilala ang tutong  
At ang kanin ay simputi ng gatas na nasa kahon  
At kahit na hindi pasko sa lamesa ay may hamon  
Ang sarap sigurong manirahan sa bahay na ganyan  
Sabi pa nila ay dito mo rin matatagpuan  
Ang tao na nagmamay-ari ng isang upuan  
Na pag may pagkakatao'y pinag-aagawan  
Kaya naman hindi niya pinakakawalan  
Kung makikita ko lamang siya ay aking sisigawan

Kayo po na nakaupo,  
Subukan n'yo namang tumayo,  
At baka matanaw, at baka matanaw na n'yo  
Ang tunay na kalagayan ko.

<b>Pahiwatig</b>	<b>Literal na Kahulugan</b>
Tao po, nandyan po ba kayo sa loob ng <u>malaking bahay at malawak na bakuran</u> .	Ang tinutukoy ay opisina o lugar kung saan nagtatrabaho ang mga politiko, maaring munisipyo, kapitolyo o Palasyo ng Malacanang
<u>Wala namang kasal pero marami ang naka-barong</u>	Mga guwardiya na ang suot ay barong
<u>Mga plato't kutsara na hindi kilala ang tutong</u>	Mga magaganda o mamahaling kagamitan sa ibang salita ay pangmayaman

Ang kakayahang magbigay ng wastong kahulugan sa gamit ng salita at paraan kung paano unawain ang konteksto nito sa pahayag ay ang tinatawag na **Kakayahang Pragmatiko**.

Upang masubok ang kakayahan mo ukol dito, ipagpatuloy ang pagbibigay ng kahulugan sa mga salitang may salungguhit mula sa teksto.

<b>Pahiwatig</b>	<b>Literal na Kahulugan</b>
1. kahit na hindi Pasko sa lamesa ay may hamon	
2. Ang tao na nagmamay-ari ng isang upuan	
3. Subukan n'yo namang tumayo	




## Suriin


Basahin at suriin ang mga salita at paraan ng paggamit ng salita sa awit, upang mahinuha ang kahulugan nito. Gawin ang gawain at sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

### Paruparong Bukid

Paruparong bukid na lilipad-lipad  
Sa gitna ng daan papaga-pagaspas  
Isang bara ang tapis  
Isang dangkal ang manggas  
Ang sayang de kola  
Isang piyesa ang sayad



May payneta pa siya  
May suklay pa man din  
Nagwas de-ohetes ang palalabasin  
Haharap sa altar  
At mananalamín  
At tsaka lalakad nang pakendeng-kendeng



Paru-parong bukid na lilipad-lipad  
Sa gitna ng daan papaga-pagaspas  
Isang bara ang tapis  
Isang dangkal ang manggas  
Ang sayang de kola  
Isang piyesa ang sayad

- a. Ano-anong salita ang ginamit upang ilarawan ang paruparong bukid sa una, ikalawa at ikatlong stanza?

Mga Salitang Naglalarawan sa Paruparo	Nabuong Imahe batay sa Pagkakagamit ng Salita
Unang Stanza:	
Ikalawang Stanza:	
Ikatlong Stanza:	

- b. Matapos na naitala ang mga salitang naglalarawan tungkol sa paruparo at maibigay ang nabuong imahe batay sa paglalarawan, mahihinuha mo ba kung ano/sino ang Paruparo? Bakit?

---

---

c. Ano ang layunin ng mga salitang ginamit sa awit?


---

---

d. Mula sa iyong mga kasagutan, ano ang tinatawag na Kakayahang Pragmatiko?

---

---



## **Pagyamanin**

A. Piliin ang **angkop na salita** sa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. Kailangan na nating (**walisin, walisan**) ang mga nahulog na tuyong dahon. Huwag din nating kalimutang (**walisin, walisan**) ang likod-bahay.
2. “Nay, huwag mo akong (**iwan, iwanan**), wala akong kasama rito eh. Pero kung kailangan mo talagang umalis, (**iwan, iwanan**) mo ako ng pera”.
3. Nagmamadali siyang pumanhik sa (**hagdan, hagdanan**) upang tanawin sa bintana ang papaalis na kasintahan. Pagkatapos, malungkot siyang naupo sa may (**hagdan, hagdanan**).

B. Bumuo ng mga pahayag sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na salita at paraan ng paggamit nitó sa mga usapan batay sa mga sumusunod na sitwasyon.

Sitwasyon 1: Gagamitin sa pangungusap ang salitang “**umuwi ka na**” bilang pagtaboy.

Pangungusap 1.1: “**Umuwi ka na**, kanina ka pa inom nang inom, daig mo pa ang mauubusan ng alak.”

Sitwasyon 2: Gagamitin ang salitang “**umuwi ka na**” na may layuning humikayat.


Pangungusap 2.1: \_\_\_\_\_

Sitwasyon 3: Paggamit ng salitang **kanser** bilang mahina o pabuhat sa larong *ML*.

Pangungusap 3.1: “Nakakayamot ka naman, pare, isa kang **kanser**, talo tuloy tayo sa laro.”

Sitwasyon 4: Paggamit ng salitang **kanser** na tumutukoy sa isang karamdaman.

Pangungusap 4.1: \_\_\_\_\_



## Isaisip

### Kakayahang Pragmatiko

Ang Kakayahang Pragmatiko ay mabisang paggamit ng yaman ng wika upang makapagpahayag ng mga intensyon at kahulugan na aayon sa konteksto ng usapan at gayundin, natutukoy ang ipinahihiwatig ng sinasabi (berbal), di-sinasabi (di-berbal) at ikinikilos ng usapan. Ito’y kasanayan sa pagtukoy sa mga pakiusap, magalang na pagtugon sa mga papuri o paumanhin, pagkilala sa mga biro, at pagpapadaloy ng usapan.

Ayon kay Jocson (2016), ang bawat pahayag o pangungusap ay nagtataglay ng dalawang bahagi: kung ano ang sinasabi at kung ano ang ipinahihiwatig (*implied o implicative*).

Halimbawa:

1. “Ay naku, naiwan pala ang *wallet* ko”

Pagsusuri:

May kahulugang pragmatiko na gustong magpalibre o mangungutang.

2. Dinampot ang bulaklak sa mesa, bahagyang inamoy, binasa ang nakasulat sa maliit na papel, at napangiti.

Pagsusuri:

May kahulugang pragmatiko na nagustuhan ang nagbigay at ang ibinigay.

Ang kakayahang pragmatiko ay maaaring:

- a. **Berbal** – sinasabi gamit ang mga salita sa pagpapahayag at pangunahing paraan upang mapanatili ang pakikipag-ugnayan.


Halimbawa:

“Naiinis ako sa sinabi niya”, ayoko munang makipag-usap.

- b. **Di-berbal**- di ginagamitan ang salita at sa halip ay ipinakikita sa ekspresyon ng mukha, kumpas at galaw ng kamay, kulay maging simbolo ang paraan ng pagpapahayag.

Halimbawa.

Umirap siya sa sinabi at biglang tumalikod sa kausap.



## Isagawa


Ibigay ang iyong paghihinuha sa nais ipabatid na mensahe ng ating mahal na kalihim.



<https://www.youtube.com/watch?v=j2d-QP4d5Z4>

Rubriks sa Pagmamarka

Pamantayan			Puntos
10 Puntos	4 Puntos	2 Puntos	
Malinaw na nabibigyang hinuha ang kahulugan ng mga salita at pahayag	Malinaw na nabibigyang hinuha ang kahulugan ng mga salita at pahayag subalit may kaunting paglihis sa kahulugan	Hindi gaanong nabibigyang linaw ang pagbibigay hinuha sa pahayag	



## Tayahin

Tukuyin ang layunin at kahulugan ng salita o pahayag batay sa paggamit at paraan ng pagsasalita. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. “Mas mapapadali sana ang paggawa ng saliksik kung pagsasama-samahin natin ang ating kaalaman at mga kagamitan”.
  - a. Nais maghanap ng mga sasagot sa maaring gagastusin
  - b. Nagpapahiwatig na pangkatan ang pagsasagawa ng pananaliksik
  - c. Nagpaparinig na makabubuti kung magtutulungan ang bawat miyembro
  - d. Sa pamamagitan ng sama-samang paggawa ay matitiyak ang kasiyahan sa bawat isa


2. “Nagkasabay-sabay na ang mga gawain, hindi ko na alam ang uunahin, pero madali lang naman sana ang saliksik, ang problema lang talaga ilang araw lang at ipapasa na kaagad”.
  - a. Hindi alam ang uunahin
  - b. Nagrereklamo sa sabay-sabay na pagbibigay ng gawain
  - c. Naiinip at gustong matapos kaagad ang ginagawang riserts
  - d. Gustong humiling nang mas mahabang oras sa pagsasagawa ng pananaliksik
3. “Uy! Ikaw pala ang nanalo sa patimpalak sa *Spoken Word Poetry*, alam mo masarap ang kape d’yan sa labasan.”
  - a. Masarap ang kape sa labasan
  - b. Nais na magpalibre ng kape sa labasan
  - c. Pinamamalita na masarap ang kape sa labasan
  - d. Pinamamalita ang pagkapanalo sa *Spoken Word Poetry*
4. Dati hindi ako kumakain ng maanghang, dati hindi rin ako mahilig sa mga kantang maiingay, ayaw ko ng basketbol, hindi rin ako nanonood sa sinehan, ayaw ko ring sumakay sa motor, pero bakit ngayon ginagawa ko na ang lahat nang iyon kapag kasama ko siya?
 

a. Dahil masaya siyang kasama	c. Gusto n’ya lang na may kasama
b. Maaaring mahal n’ya na ito	d. Ayaw n’ya na mapahiwalay dito
5. “Sige po, salamat. Katatapos ko lang po kasing kumain.”
  - a. Busog pa siya.
  - b. Nahihiya s’yang kumain.
  - c. Galit siya sa nagyayang kumain.
  - d. Mas maiging magtiis sa gutom, kaysa masabihan ng patay-gutom.
6. Bawal ang utang, bukas na lang.
  - a. Hindi nagpapautang
  - b. Bawal ang utang ngayon, bukas pwede
  - c. Ipinagbabawal ang hindi pagbabayad sa utang
  - d. Kapag nagbayad ka ngayon, bukas pwede ka na namang mangutang
7. “Ang paggawa ng kabutihan ay may magandang balik. Ang pag-ibig sa kapwa ang pagpapakita ng totoong pagmamahal ng tao sa Diyos.” Ang maaring nagsasalita ay isang\_\_\_\_\_
 

a. Guro	c. Kaibigan
b. Pari	d. Magulang
8. Halos nagtutungyaw at hindi magkamayaw ang ina sa paggawa.
 

a. Nagagalit	c. Abalang-abala
b. Nag-iisip	d. Nagpapahinga
9. Parang binagsakan ako ng langit ng mabalitaan kong pumanaw na ang aking ina. Halos hindi ko na alam ang aking gagawin.
  - a. Pagtugon sa pangangailangan
  - b. Layunin ng pahayag na ilarawan ang pangyayari sa malikhaing paraan
  - c. Layunin ng pahayag na magpahayag ng sariling damdamin o opinyon
  - d. May layuning magpatatag at magpanatili ng relasyong sosyal sa kapwa tao


10. “Baka magkasakit na kayo niyan. Hindi masamang tumulong sa kapwa, kaya lang, talagang malaki na ang ipinangayayat ninyong dalawa.”  
- *Genoveva E. Matute, Jesus, Nariyan Ka Pa Ba?*
- a. Pagtutol  
b. Panunuya  
c. Paniniyak  
d. Pagpapaliwanag
11. “Maski kapkapan n’yo ako, e, wala kayong makukuha sa akin,” ang sabing pagatul-gatul na nilalabasan ng dugo sa ilong. “Hindi ko kinukuha ang inyong pitaka.”  
-*Benjamin P. Pascual, Ang Kalupi*
- a. Pagtutol  
b. Panunuya  
c. Paniniyak  
d. Pagpapaliwanag
12. “May dalawang oras na yata tayong naglalakad a, baka hindi natin nalalaman, e, nasa Siberia na tayo.”  
-*Edgardo Reyes, Lugmok na ang Nayon*
- a. Pagtutol  
b. Panunuya  
c. Paniniyak  
d. Pagpapaliwanag
13. Ako’y isang sirena kahit anong sabihin nila ako ay ubod ng ganda.  
- *Gloc9, Sirena*
- a. Bakla  
b. Busina  
c. *Miss Universe*  
d. Taong may kaliskis
14. Amoy-tsiko ang drayber kaya hindi siya pinayagang magmaneho.
- a. Lasing ang drayber  
b. May putok ang drayber  
c. May dalang tsiko ang drayber  
d. May kakaibang amoy ang drayber
15. Para ng halamang lumaki sa tubig, daho’y nalalanta munting 'di madilig; ikinaluluoy ang sandaling init; gayundin ang pusong sa tuwa’y maniig.
- a. Dapat ibigay ang kagustuhan ng bata hangga’t bata pa.  
b. Laging diligin ang halaman, at nalalanta sa sikat ng araw  
c. Huwag palakihing bigay-hilig ang bata upang lumaking madiskarte  
d. Malalakas at matatatag ang mga batang pinalaki ng magulang na sunod ang gusto



## ***Karagdagang Gawain***

Binabati kita dahil natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul. Dahil diyan, gusto kong maging handa ka sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo na ang pagbuo ng kritikal na sanaysay ukol sa iba’t ibang paraan ng paggamit ng wika ng iba’t ibang grupong sosyal at kultural sa Pilipinas.





## Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: right;"><b>Subukin</b></p> <p>1. B 2. C 3. A 4. D 5. D 6. D 7. A 8. D 9. D 10. C 11. C 12. C 13. D 14. D 15. D</p>	<p style="text-align: right;"><b>Pagyaamanin:</b></p> <p>1. walisin, walisin 2. iwan, iwanan 3. hagdan, hagdanan Sa letrang B, batay sa paggamit ng mga salita sa pangunusap.</p>	<p style="text-align: right;"><b>Tayahin</b></p> <p>1. B 2. D 3. B 4. B 5. B 6. A 7. B 8. A 9. B 10. A 11. C 12. B 13. A 14. A 15. C</p>
--	---	--

## ***Sanggunian***

De Laza, Crizel.2016. *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*. Rex Book Store

Jocson, Magdalena O. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Vibal Group, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \*